# Sa lahat ng mga mag-aaral sa 1st at 2nd year private senior high school at kanilang mga magulang, Magbabago ang sistema ng libreng tuition fee sa high school!!

大阪府

## Ano ang magbabago?

◆ **Walang magiging pasanin sa tuition fee, anuman ang kinikita o bilang ng mga bata.**

(Gayunpaman, kung ang tuition fee ay higit sa 630,000 yen, maaaring kailanganin magbayad ng bahagi ng tuition fee.)

## Mula kailan ang mga pagbabago?

◆ **Ang taon ng paglipat sa bagong sistema ay nagbabago ayon sa taon ng pag-aaral.**

Kasalukuyang 2nd year senior high school students: Bagong sistema simula sa taong 2024 kapag sila ay naging 3rd year senior high school students

Kasalukuyang 1st year senior high school students: Bagong sistema simula sa taong 2025 kapag sila ay naging 3rd year senior high school students

*Walang pagbabago sa sistema sa taong 2023.

## Kasalukuyang 1st at 2nd year senior high school students

### Kasalukuyang sistema hanggang 2nd year senior high school

| Tuition Fee | Bilang ng mga bata sa tahanan | Halaga ng bayarin ng magulang ayon sa taunang kita (tantiya) | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mas mababa sa 5.9 milyong yen | Mula 5.9 milyon hanggang 8 milyong yen | Mula 8 milyon hanggang 9.1 milyong yen | 9.1 milyong yen pataas |
| Hanggang 600,000 yen | 1 bata | Libre | 200,000 yen | Maximum 480,000 yen (Pambansang pondo sa suporta sa pagaaral lamang) | Kabuuang tuition fee *Hindi naaangkop |
| | 2 bata | | 100,000 yen | 300,000 yen | |
| | 3 bata | | Libre | 100,000 yen | |
| Labis sa 600,000 yen | Anuman ang bilang ng mga bata | Libre(*) | | (Tuition fee - 600,000 yen) na babayaran ng mga magulang | |

### Panibagong sistema mula sa 3rd year senior high school

| Tuition Fee | Bilang ng mga bata sa tahanan | Halaga ng bayarin ng magulang ayon sa taunang kita (tantiya) | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mas mababa sa 5.9 milyong yen | Mula 5.9 milyon hanggang 8 milyong yen | Mula 8 milyon hanggang 9.1 milyong yen | 9.1 milyong yen pataas |
| Hanggang 630,000 yen | Anuman ang bilang ng mga bata | **Libre** | | | |
| Labis sa 630,000 yen | Anuman ang bilang ng mga bata | Libre(*) | | (Tuition fee - 630,000 yen) na babayaran ng mga magulang | |

(*) Ang anumang labis na halaga ay sasagutin ng paaralan at hindi ng mga magulang.

## Libreng tuition fee sa high school – mga tanong at sagot

Tanong: May iba pa bang malilibre sa ilalim ng bagong sistema maliban sa tuition fees?

Sagot: Ang mga bayarin sa aklat at mga pondong reserba para sa mga school trips ay hindi kabilang sa libreng tuition fee. Katulad ng kasalukuyang sistema, kinakailangang bayaran ang mga miscellaneous fees na labas sa mga bayarin sa tuition fees.

Tanong: Kung libre ang tuition fee para sa lahat anuman ang kita ng tahanan, hindi na ba kailangang sumailalim sa proseso ng aplikasyon upang makakuha ng libreng tuition fee?

Sagot: Kailangang mag-apply para sa parehong national tuition support fund at sa tuition support system ng Osaka Prefecture. Sundin ang mga bilin ng inyong paaralan hinggil sa aplikasyon.

*Ang bagong sistema ay opisyal na pagpapasyahan sa Pebrero 2024, sa regular na Osaka Prefectural Assembly.


**Makipag-ugnayan sa amin para sa higit pang mga detalye**

Citizen Inquiry Center Beep Line

06-6910-8001


**Maaaring din dumulog sa Osaka Prefecture website para sa mga detalye ng sistema**

大阪府 私立 無償化